

## Mga Batayan sa Pagpili ng Asignaturang Medyor ng mga Mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa Pampamahalaang Unibersidad ng Kanlurang Mindanao

Shanley Blanche S. Taglucop<sup>1</sup>, April Kyle N. Camaño<sup>2</sup>, Mary Jane B. Taclob<sup>3</sup>,  
Rubilyn B. Otap<sup>4</sup>, Charlyn M. Dionaldo<sup>5</sup>

<sup>1,2</sup>(College of Teacher Education, Western Mindanao State University, Philippines)

<sup>3,5</sup>(Teacher I, Dacon Learning Center–Annex, Philippines)

<sup>4</sup>(Head Teacher IV, Dacon Learning Center–Annex, Philippines)

**ABSTRACT:** *College plays a significant role in the life and future of the students. It is associated with the individual's course selection as well as with their life in the future. The main objective of this study is to determine the factors that became the basis for selecting the area of specialization of the Bachelor of Secondary Education students. Therefore, it focused on determining the factors that may have influenced students in choosing the subject as a specialization. This study is a quantitative research that used descriptive research design and cluster sampling method. The data was collected from seventy (70) participating BSED students from different areas of specialization through a questionnaire survey. In the entirety of this study, it was found that the most influential factor was the consideration of future job opportunities which was the basis for students to choose the subject as a major. In addition to this, the factor of personal choice and parent's decision was also considered which motivated the students to choose the specialization. On the other hand, the factor of peer and former teachers' influence was found that it did not influence the students in their decision-making in choosing a specialization. Based on the results, the researchers gave a conclusion and recommendations to further develop the said study.*

**KEYWORDS:** *Career, Decision-making, Influence, Major, Subject*

**ABSTRAK:** Malaki ang ginagampanang papel ng kolehiyo sa buhay at kinabukasan ng mag-aaral. Kaakibat nito ang pagpili ng kursong tatahakin sapagkat ito ang magiging kaakibat ng indibidwal sa kanyang hinaharap na pamumuhay. Ang pinakalayunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang mga batayan sa pagpili ng asignaturang medyor ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon. Kung kaya ang pananaliksik ay nakatuon sa pagtukoy ng mga salik na maaaring nakaimpluwensya sa mga mag-aaral sa pagpili ng asignatura bilang medyor. Ang pag-aaral na ito ay isang kuwantitatibong pananaliksik na ginamitan ng descriptive research design at cluster sampling method. Ang mga datos ay nakalap mula sa pitompung (70) kalahok na mag-aaral ng BSED mula sa iba't ibang asignaturang medyor sa pamamagitan ng sarbey kwestyuner. Sa kabuoan ng pag-aaral na ito, napag-alaman na ang pinakamaimpluwensyang salik ay ang pagsasaalang-alang ng posibleng trabaho sa hinaharap na naging batayan ng mga mag-aaral na piliin ang asignatura bilang medyor, bukod pa rito isinaalang-alang din ang salik na sariling kagustuhan at kagustuhan ng magulang na nag-udyok sa mga mag-aaral na piliin ang asignaturang medyor. Habang ang salik na impluwensya ng mga kaibigan at dating guro ay napag-alaman na hindi ito nakaimpluwensya sa mga mag-aaral sa pagbuo ng desisyon. Batay sa naging resulta ay nagbigay ng kongklusyon ang mga mananaliksik at rekomendasyon upang mas mapaunlad pa ang nasabing pag-aaral.

**MGA SUSING SALITA:** Asignatura, Desisyon, Impluwensya, Karera, Medyor

### I. INTRODUKSYON

Ang pagdedesisyon ay likas na sa atin bilang mga tao. Madalas natin itong gawin kung kaya maituturing na itong bahagi ng ating pang-araw-araw na pamumuhay. Ang bawat desisyon na ating ginagawa ay may kaugnay na resulta, ang mga resultang ito ay siyang magiging batayan sa pagtukoy kung tama o mali ang iyong naging desisyon. Kung kaya, nararapat lamang na maging maingat sa pagbuo ng desisyon. Ang isang mag-aaral na magtatapos sa sekundarya ay kailangang pumili sa kung anong karera o landas ang kaniyang

tatahakin sa kolehiyo. Ayon kina Ramoso et al. (2013), ang pagpili ng kursong nais tahakin sa kolehiyo ay isa sa pinakamahirap na desisyon na maaaring gawin ng isang nagtapos sa sekundarya dahil kaakibat nito ang maging propesyon ng mag-aaral sa hinaharap. Ito ay dapat pagtuunan ng pansin ng mga kabataan sapagkat ito ay napakahalaga upang maihanda ang kanilang sarili sa buhay pagkatapos ng pag-aaral.

May iba't ibang dahilan ang mga mag-aaral kung bakit sila nahihirapan sa pagpili ng kursong nais kunin sa kolehiyo, at isa na rito ang kawalan ng ideya sa usaping kakayahan – ang kanilang kalakasan at kahinaan. Dahil dito ang Pamahalaan at Kagawaran ng Edukasyon ay nagpatupad ng pagbabago sa Sistema ng Edukasyon. Sa pamumuno ng dating Pangulo ng Republika ng Pilipinas na si Benigno Aquino III at ng Kagawaran ng Edukasyon taong 2013, ang *Republic Act 10533* o K-12 kurikulum, ay ang naging bagong kurikulum na ginamit sa ating bansa. Isa sa mga pinakalalayunin ng pag-usbong ng K-12 kurikulum ay ang matulungan ang mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang pag-aaral o mas maging mulat sa kanilang mga kakayahan. Ang K-12 program ay dalawang karagdagang taon sa sekundarya na idinisenyo upang tulungan ang mga mag-aaral na matuklasan ang kanilang mga talento para sa kanilang mga karera sa kolehiyo sa hinaharap, (Nazaro et al., 2017).

Base sa *enrolment data* mula sa gobyerno at Private Higher Education Institution sa bansa noong taong panunuruan 2009-2010, isa sa mga kursong may maraming mag-aaral ang nagpaparehistro ay ang kursong edukasyon. Ang mga mag-aaral na naghahangad na maging bahagi ng propesyon ng pagtuturo ay maaaring pumili sa ilang mga undergraduate na programa sa larangan ng pagtuturo. Isa sa mga programang inaalok ng kursong edukasyon ay ang BSED o Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon.

Nakasaad sa *CHED Memorandum Order No. 75 Series of 2017*, ang BSED o Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon ay isang programang nag-aalok ng apat na taong *degree* na programa na idinisenyo upang ihanda ang mga mag-aaral sa pagiging guro sa sekundarya. Ang kursong ito ay nagsasanay sa mga mag-aaral na magturo ng isa sa iba't ibang asignatura o larangan ng pag-aaral tulad ng English, Filipino, Mathematics, Sciences, Social Studies, MAPEH at Values Education. Ang isang mag-aaral ay kinakailangang pumili ng isang asignaturang kaniyang pagdadalubhasaan o *major*.

Ayon kina Begs et al. (2008), ang pagpili ng isang medyor o espesyalisasyon ay isa sa pinakamahahalagang desisyon na dapat gawin ng isang mag-aaral. Ang pagpili ng asignaturang pagdadalubhasa ay isang malaking alalahanin para sa mga mag-aaral ng BSED marahil may mga salik ang kailangang isaalang-alang. Ang mga salik na makaiimpluwensya sa pagpili ng asignaturang pagdadalubhasa ay talagang malaking bahagi sa buhay ng mag-aaral dahil taon ang masasayang kung ang espesyalisyong napili ay hindi ninanais na kunin o hindi buo ang desisyon sa pagpili o pagpasya. Maaaring ang espesyalisyong kinuha ay kagustuhan lamang ng magulang para sa kanilang anak o di kaya ay impluwensya ng mga kaibigan sa dahilan na gusto pa rin maging magkklase at magkasama ulit sa iisang silid. Mahalagang pag-isipan nang mabuti at bigyan ng sapat na oras ang pagdedesisyon sa pagpili ng espesyalisasyon na nais tahakin sa kolehiyo upang hindi masayang ang taon kapag nagbago ang isipan at puso sa kursong napili, (Nazaro et al., 2017).

Samakatuwid, iba-iba ang batayan ng bawat indibidwal ukol sa kung anong karerang nais niyang tahakin. Ang edukasyon bilang isang propesyon ay sinasabing pagpasok din sa isang bokasyon – bokasyon ng pag-aalay ng iyong sarili upang hubugin ang kaalaman at asal ng mga mag-aaral na siyang pag-asa ng ating bayan.

Bagaman nabanggit sa pag-aaral nina Climaco, et. al., (2011) na may mga salik na nakaaapekto sa pagpili ng mga mag-aaral na nasa unang taon ng kolehiyo ng kursong edukasyon at nabanggit din sa pag-aaral nina Almencion et al. (2020) ang mga salik na nakaiimpluwensya sa pagpili ng mga mag-aaral ng kursong BSED, ngunit limitado lamang ang mga pag-aaral na nabanggit sa pagtukoy ng mga salik na nakaiimpluwensya sa pagpili ng mga mag-aaral ng kursong edukasyong pangguro at hindi tinukoy o hindi nagsagawa ng karagdagang pag-aaral upang malaman kung ano-ano rin ang mga salik na nakaaapekto sa pagpili ng asignaturang medyor ng mga mag-aaral na kumukuha ng kursong BSED. Kaya naman ang mga mananaliksik sa kasalukuyan ay naganyak na magsagawa ng pananaliksik upang matukoy sa pag-aaral kung ano-ano ang mga batayan at salik na nakaaapekto sa pagpili ng medyor o espesyalisasyon ng mga mag-aaral ng kursong Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa Pampamahalaang Unibersidad ng Kanlurang Mindanao.

## II. KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga akademiko at propesyonal na mga babasahin na may kaugnayan sa isinasagawang pag-aaral. Ang mga kaugnay na literatura at pag-aaral ay nagbibigay ng mas malinaw na pananaw sa paksa at nagpapataas ng kaalaman ng mambabasa.

### 1. Pagdedesisyon

Ayon kay Caluza (2015), malaki ang papel na ginagampanan ng pagdedesisyon sa ating buhay, ngunit kung minsan ay maaari itong magkaroon ng malaking epekto sa ating buhay. Tila isa itong bagay na maaaring

magdulot ng isang maganda o minsan ay masamang epekto. Kaya naman, dapat maging maingat at wais sa paggawa nito dahil maaaring baguhin nito ang paraan ng ating pamumuhay.

Ang pagdedesisyong ay isang bagay na palagi nating ginagawa at sa sobrang dalas ng paggawa nito ay hindi na napapansin na ginagawa natin ito. Ito ay sadyang napakakomplikado. Ang paggawa ng desisyong ay nagsasalamin sa totoong karakter ng isang tao. Ito ay batay sa kanyang pag-uugali, personalidad at mga pinahahalagahang paniniwala. Kapag ang isang tao ay nagdedesisyong, madalas ito ay nahihirapan sa pagpili kung ano ang nararapat, (Ocier, 2010).

Ayon kina Alberts et al. (2003), ang pagpili ng bokasyon ay may malaking impluwensya sa kanyang panlipunan at kalagayang pang-ekonomiya. Nagtatalo sila na ang personal na interes, patnubay ng magulang, impluwensya ng mga kaibigan at mga regulasyong institusyonal ay maaaring makaimpluwensya sa mga pagpipilian sa karera ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na nalilito sa pagpili ng mga espesyalisasyon sa karera ay madalas na nakararanas ng mga hamon sa panahon at pagkatapos ng kanilang pag-aaral.

## 2. Pagpili ng Kurso sa Kolehiyo

Ayon kina Rodman Webb at Robert Sherman (1989), Ang salitang “career” ay maaaring tumukoy sa isang larangan ng trabaho o sa kurso ng propesyonal na buhay ng isang indibidwal. Ang kahulugan ng salitang ito ay nagbigay liwanag na ang karerang tatahakin o kukunin ay kailangang pinag-isipan at binuo ayon sa sariing kagustuhan at sa pangangailangan ng lipunan.

Nabanggit ng mga mananaliksik na sina Nazaro et al. (2017), ang pagpili ng kurso sa kolehiyo ay isang komplikadong desisyong dahil tinutukoy nito ang uri ng propesyon na nilalayon nilang ituloy sa buhay. Ang mga mag-aaral na sinusubukang pumili ng karera habang nasa sekondarya ay nahaharap sa hamon ng pagpili ng karera na tumutugma sa kanilang kakayahan at akademikong pagganap.

Ang mga mananaliksik na sina Baculando et al. (2020) ay naniniwala na ang isa sa pinakamahalagang desisyong na maaaring gawin ng isang kabataan o mag-aaral ay ang pagpili ng kurso sa kolehiyo. Ito ay mahalagang usapin sapagkat malaki ang epekto ng desisyong ito sa kinabukasan ng kabataan. Ang mga magulang ay may mahalagang papel sa desisyong ng anak lalo na kung ang kinabukasan ng anak ang pag-uusapan, kaya mahalagang talakayin ito ng mabuti ng mga magulang at mga anak.

## 3. Ang Kursong Edukasyon

Ang kursong edukasyon ay kagaya rin ng ibang kurso na inaabot ng apat na taon. Ito ay ang kursong kinukuha ng mga mag-aaral na nais maging guro o pumasok sa larangan ng pagtuturo. Ang edukasyon o pagtuturo ay ang prosesong nagpapadali sa pagkatuto o pagkuha ng kaalaman, kasanayan, prinsipyo, moral, paniniwala at pag-uugali. Kasama sa mga pamamaraang pang-edukasyon ang pagtuturo, pagsasanay, pagkukuwento, talakayan, at pananaliksik.

Ang kursong pangguro ay isa sa pinakamahirap na kurso dahil isa mga kinakailangan dito ay dapat laging nag-aaral, laging binabalikan ang mga leksyon o paksa na natutuhan noong nag-aaral pa lamang. Ayon kina Climaco et al. (2011), ang pagtuturo ay tulad din ng pagmamedisina, pagpapari o anumang bokasyon na nagsisilbi para sa ikabubuti ng komunidad. Para sa karamihan, ang pagpasok sa kursong edukasyon ay hindi lang dahil sa kagustuhan ng asignatura o pag-iidolo sa mga naging guro. Ito ay ang pagsasapuso, pananampalataya, at pagpapakatao. Ibig sabihin may malalim na dahilan para pasukin ang kursong edukasyon.

Batay sa kaugnay na pag-aaral, ang pagkakaroon ng abilidad sa pagtuturo, ang kagustuhang makapagtrabaho kasama ang mga bata, ang pagkakataong makapaghubog ng kabataan at ang paniniwalang ang kursong edukasyon ay makapagdudulot ng malaking kontribusyon sa lipunan ay ang mga nakakuha ng pinakamataas na marka sa isang sarbey tungkol sa mga nakaimpluwensya sa mga mag-aaral sa pagkuha ng kursong edukasyon.

Sa isang sarbey noong 1985, tinanong ang mga mag-aaral na nagpaplanong magturo sa kanilang mga motibo sa pagpili ng pagtuturo bilang propesyon. Pangalawang dahilan sa pagpili ng kursong edukasyon ay ang paniniwalang ang kursong ito ay itinuturing na may mahalagang papel sa lipunan at ito ay tinitingala at isang kagalang-galang na propesyon.

Ayon sa artikulo na “Bakit Eduk ang Pinili Ko” ni Pineda (2016), ang edukasyon ay isa sa pinakamahirap na kurso sapagkat pinaghahalo nito ang lahat ng uri ng trabaho. Kung ang doktor hindi makatulog dahil kailangan siya ng pasyente, ang guro ay hindi makatulog dahil pinag-aaralan niya ang mga paksa na itatalakay sa mga mag-aaral. Kung ang mga flight attendant ay dapat laging maganda o nakaayos para sa mga turista, ang mga guro ay kailangan ding laging maayos at presentable o pleasing to the eye ang itsura sa mga mag-aaral. Kung ang isang inhinyero ay hindi mapakali sa dami ng computations, ang guro ay hindi mapakali sa pagkalkula ng mga grado ng mga mag-aaral. Kung ang isang negosyante ay sumasakit ang ulo dahil napakaraming tao ang nakikilala niya sa bawat partnership, ang guro naman ay sumasakit ang ulo sa kada mag-aaral na nakakasalamuha niya taon-taon. Kung ang isang artista o aktor ay napupuyat sa pagsasanay ng mga

lina at emosyon, ang guro ay nagpupuyat din dahil pinaplano nila kung paano nila mapakinig ang higit sa isang libong mag-aaral na nahaharap sa kanila sa limang araw kada linggo.

Ang pagkuha ng kursong pang-edukasyon at pagsasanay ay maghahanda para sa totoong mundo ng pagtuturo at pagkatuto. Ang paaralan ng Pampamahalaan Unibersidad ng Kanlurang Mindanao ay nag-aalok ng kursong edukasyon at oportunidad sa iba't ibang programa tulad ng Early Childhood Education, Elementary Education, Secondary Education, Special Needs Education, at Culture and Arts Education.

Nabanggit na isa sa mga programang pang-edukasyon na inaalok ng Pamantasan ay ang BSED o Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon. Nakasaad sa *CHED Memorandum Order No. 75 Series of 2017*, ang Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon ay isang apat na taong *degree* na programa at isang *board course* na idinisenyo upang ihanda ang mga mag-aaral sa pagiging guro sa sekundarya na may pangunahing layunin na mabigyan ang mga mag-aaral ng matatag na pag-unawa sa disiplina sa pamamagitan ng teoretikal at praktikal na mga bahagi ng kurikulum.

Ang kursong BSED ay mayroong ilang mga lugar ng espesyalisasyon tulad ng English, Filipino, Mathematics, Sciences, Social Studies, Music Arts Physical Education H, at Values Education. Dito ay kinakailangan ng mag-aaral na pumili ng isang asignaturang medyor o pagdadalubhasa. Ang pagpili ng asignaturang medyor ay kaugnay ng pagpili ng kurso dahil kaakibat na rin ng asignaturang napili ang magiging oportunidad o propesyon sa hinaharap. Ito rin ay isang komplikadong pagpapasya dahil nangangailangan ng kritikal na pag-iisip na kung saan may mga salik din na nakaaapekto sa pagpili ng mga mag-aaral ng asignaturang medyor.

#### 4. Mga Salik na Nakaaapekto sa Pagpili ng Kurso

Ayon sa tesis na isinagawa ni Michael Borchert na pinamagatang “Salik sa Pagpili ng Karera ng mga Mag-aaral sa High School”, ang pagpili ng karera ay isang masalimuot na proseso. May iba pang mga diskarte na maaaring isaalang-alang sa pagpili ng mga gawain sa ating buhay. Ang pagpili ng karera ay isang patuloy na umuusong na proseso. Ang mga mag-aaral ay dapat na magkaroon ng kamalayan sa prosesong ito.

Ang pagpili ng espesyalisasyon ay isang napakakomplikadong gawain na kung saan kinakailangan ng maraming pagsasaalang-alang. Ang mga mag-aaral ay apektado ng kanilang mga personal na layunin, antas ng kanilang kakayahan at higit sa lahat ang kanilang interes. Karamihan din sa mga dahilan kung bakit nahihirapan ang mga mag-aaral ay tila ang kanilang mababang motibasyon sa pag-aaral. Mayroong dalawang salik ang nagdudulot ng mababang motibasyon. Dalawang salik ang nagdudulot ng mababang motibasyon. Ang unang dahilan ay iniuugnay sa maliit na suportang ibinigay ng magulang sa kanilang mga anak. Ang isa pang dahilan ay ang kawalan ng kagustuhan upang matuto o ang intrinsic na motibasyon upang matuto, (Saavedra at Barredo, 2020).

Sa kabilang banda, ayon kay Perez (2010), ilan pang mga sukat ay nauugnay sa pagpili ng espesyalisasyon ay posibleng maging karera, pag-unlad at mga oportunidad sa trabaho sa hinaharap. Ngunit ang mga mag-aaral ay hindi gumagawa ng desisyon sa pagpili ng espesyalisasyon nang mag-isa lamang, sila ay karaniwang apektado ng payo ng kanilang mga magulang, kaibigan, at guro.

### III. BATAYANG TEORETIKAL

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa *Social Cognitive Career Theory* nina Lent et al. (1994). Ipinakilala ng teoryang ito ang mekanismo ng ugnayan ng indibidwal, asal, at mga salik ng kapaligiran sa larangan ng karera. Ang SCCT ay sinusubok na ipaliwanag ang tatlong elemento ng *career development*. Sinusuri nito kung paano umuunlad ang pangunahing interes sa akademiko, kung paano pinipili at napagtatanto ang mga opsyon sa edukasyon, at sinusuri ang kaugnayan ng mga elementong ito tungo sa pagpili ng karera at tagumpay, (Lent et al., 1994).

Ang teoryang ito ay batay sa *Social Cognitive Theory* ni Bandura (Bandura, 1986) na sinusuri ang tatlong magkakaugnay na mga baryabol kabilang na ang *self-efficacy*, *outcome expectations*, at *personal goals*, (Lent et al., 1994).

Ang *self-efficacy* ay tumutukoy sa mga personal na tagumpay, mga karanasan, pakikipag-ugnayan sa lipunan, at estadong emosyonal. Gayundin, ito ay ang paniniwala sa sariling kakayahan na magtagumpay sa naibigay na gawain. Ang mga mag-aaral ay pumili ng karera batay sa kung anong kaya nilang gawin. Ang *outcome expectations* ay nakukuha mula sa pagsisikap na ginagawa ng isang indibidwal at pakikibahagi ng isang tao sa mga aktibidad at ang ang kaugnay na resulta nito. Ang *personal goals* ay tumutukoy sa pagpili ng indibidwal na makilahok sa isang partikular na aktibidad at kabilang na rin ang antas ng pagganap.

Samakatuwid, ang *Social Cognitive Career Theory* ay naglalayong ipaliwanag na ang mga indibidwal ay mas malamang na magiging interesado, mas piliin na matuklasan, at magtrabaho nang mahusay sa lugar na kung saan mayroon silang malakas na pakiramdam ng paniniwala sa sarili at kondisyon na mayroon din silang kakayahan at suporta mula sa kapaligiran. Kung kaya ay mahalagang maunawaan ang mga salik na isinaalang-alang ng mga mag-aaral hinggil sa pagbuo ng desisyon sa karera.

#### IV. LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga batayan sa pagpili ng asignaturang medyor ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa Pampamahalaang Unibersidad ng Kanlurang Mindanao.

Upang makamit ang layuning ito, bumuo ng mga tanong ang mga mananaliksik:

1. Ano ang demograpikong propayl ng mga mag-aaral ayon sa:

1.1 Kasarian

1.2 Asignaturang Medyor

2. Ano-ano ang mga salik na nakaaapekto sa pagpili ng asignaturang medyor sa sumusunod na komponents:

2.1 Sariling Kagustuhan

2.2 Kagustuhan ng Magulang

2.3 Impluwensya ng mga Kaibigan at Dating Guro

2.4 Posibleng Trabaho sa Hinaharap

3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa mga salik na nakaaapekto sa pagpili ng asignaturang medyor kung ang mga baryabol ay papangkatina ayon sa:

3.1 Kasarian

3.2 Asignaturang Medyor

4. Sa pangkalahatan, alin sa mga salik ang naging pinakabatayan ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa pagpili ng asignatura bilang medyor?

#### V. METODOLOHIYA

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga pamamaraang ginamit ng mga mananaliksik, paraan ng pagpili ng mga kalahok, instrumentong ginamit, paglilikom ng datos, at estadistikal na pamamaraang ginamit. Masusing pinili at inalisa ng mga mananaliksik ang mga ginamit na instrumento at pamamaraan upang maging mas kapaki-pakinabang ang pananaliksik na isinagawa.

##### 1. Disenyo

Ang pag-aaral na ito ay isang kuwantitatibong pananaliksik. Ginamit ang deskriptibong disenyo sa pananaliksik na ito dahil ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa paglalarawan ng demograpikong propayl ng mga mag-aaral at mga salik na nakaaapekto sa pagpili ng asignaturang medyor batay sa sariling kagustuhan, kagustuhan ng magulang, impluwensya ng mga kaibigan at dating guro, at posibleng trabaho sa hinaharap. Gayundin, ito ay *comparative* dahil ito ay may layon na alamin ang makabuluhang pagkakaiba ng mga baryabol ng pananaliksik.

Ang *Descriptive Survey Research Design* na gumagamit ng talatanungan, ang uri ng *descriptive method* na piniling gamitin ng mga mananaliksik upang mangolekta, mag-analisa, at maghinuha ng mga datos. Ito rin ay ginamit upang lalong mapagtibay ang mga datos na nakalap.

Ang mga mananaliksik ay naniniwalang angkop ang ganitong uri ng metodolohiya sapagkat mas mapadadali ang pagkuha at pagsuri ng mga datos sa malaking bilang ng kalahok. Samakatuwid, makakukuha ang mga mananaliksik ng mas malinaw at maayos na datos mula sa mga kalahok.

##### 2. Mga Kalahok

Sa pananaliksik na ito, ang mga datos ay nakalap mula sa pitompung (70) kalahok na mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon mula sa iba't ibang asignaturang medyor. Ang bawat medyor ay nilahukan ng sampung (10) mag-aaral na binubuo ng limang (5) lalaki at limang (5) babae mula sa una, ikalawa, at ikatlong antas. Sila ay napili sa pamamagitan ng *cluster sampling* para sa asignaturang medyor at *random sampling* para sa antas. Ang *cluster sampling* ay isang paraan ng *probability sampling* na kadalasang ginagamit upang pag-aralan ang malalaking populasyon. Ito ay ang paghahati ng populasyon sa mga *cluster* at *random* na pagpili ng sample mula sa mga cluster na ito, (Thomas, 2023).

Ito'y isinakatuparan sa Pampamahalaang Unibersidad ng Kanlurang Mindanao, partikular na sa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro, Taong Panuruan 2022-2023.

##### 3. Instrumentong Ginamit

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng *standardized instrument* na adapted na talatanungan o sarbey kwestyuner bilang pagkukuhanan ng datos. Ito ay ibinase sa ginawang instrumento nina Alcantara et al. (2015)

na may pamagat na “*Factors Affecting The College Course Preference of the Fourth Year Students of Roosevelt College San Mateo for The School Year 2014-2015*”. Ang orihinal na instrumento ay nakasulat sa Ingles kung kaya ay sinalin ito ng mga mananaliksik sa Filipino upang matugunan ang mga layunin ng pag-aaral na ito.

Kaugnay nito, ang talatanungan ay binubuo ng mga sumusunod na bahagi; sa unang bahagi, ito ay binubuo ng propayl ng mga kalahok ayon sa kasarian at asignaturang medyor. Sa ikalawang bahagi, ito ay binubuo ng mga salik na nakaiimpluwensya sa pagpili ng asignaturang medyor – sariling kagustuhan, kagustuhan ng magulang, impluwensya ng mga kaibigan at dating guro, at posibleng trabaho sa hinaharap.

#### 4. Pagpapatibay ng Instrumento

Sa pagpapatibay ng instrumentong ginamit, minabuti ng mga mananaliksik na hingin ang tulong ng kanilang ika-una at ikalawang guro sa pananaliksik upang maging malinaw, maayos, makatotohanan at matibay ang bawat detalyeng nilalaman ng talatanungan. Kaugnay nito, humingi rin ang mga mananaliksik ng tulong sa estadistika upang malaman kung *reliable* o mapagkakatiwalaan ang ginamit na instrumento para sa magandang kalalabasan ng resulta ng mga datos na nakalap.

Mula sa payo ng estadistika, sinimulan ng mga mananaliksik na magsagawa ng *pilot testing* upang mas mapatibay ang instrumentong ginamit. Sa pamamagitan nito, nakasisiguro ang mga mananaliksik na masasagot ang mga layunin sa bawat tanong sa talatanungan.

#### 5. Paglikom ng Datos

Ang pangangalap ng datos ay isinagawa matapos ang *pilot testing*. Isang liham ng pahintulot ang ipinadala sa Tanggapan ng Dekano sa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro upang hingiin ng pahintulot na isagawa ng mga mananaliksik ang sarbey sa mga natukoy na kalahok na mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon. Nang nabigyan ng pahintulot, nagtungo ang mga mananaliksik sa mga kalahok upang ibigay ang mga talatanungan na kanilang sagutan. Kalakip nito ay ang *informed consent* na kanilang nilagdaan na sila ay boluntaryong makilahok sa isinagawang pag-aaral.

#### 6. Interpretasyon ng mga Datos

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng *General Weighted Mean* upang malaman ang kabuoang bilang at katumbas ng mga salik na nakaaapekto sa pagpili ng asignaturang medyor sa pangkalahatan. Ginamit din ang mga *statistical tool* na *Mann-Whitney U Test* at *Kruskal Wallis Test* upang makuha ang makabuluhang pagkakaiba ng mga baryabol ng pananaliksik. Ang *Mann-Whitney U Test* ay ginamit upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba ang mga salik kung ang mga baryabol ay papangkatin ayon sa kasarian. Ang *Kruskal Wallis Test* naman ay ginamit upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba ang mga salik kung ang mga baryabol ay papangkatin ayon sa asignaturang medyor.

### VI. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang mga nalikom na datos ay inayos at isinailalim sa pagtutuos ng estadistikal gamit ang Statistical Packages for Social Sciences (SPSS) para sa mga kuwantitatibong datos. Inencode ang mga *raw score* ng mga kalahok upang mapabilis ang proseso. Pagkatapos ay ginamitan ito ng angkop na *statistical tools* upang masagot ang mga kuwantitatibong tanong.

1. Ano ang demograpikong propayl ng mga mag-aaral ayon sa:

**Talahanayan 1.1: Kasarian ng mga Kalahok**

Kasarian	Frequency	Percentage
Babae	35	50
Lalaki	35	50

Mapapansin sa talahanayan 1.1 ang bilang ng kasarian ng mga kalahok sa pag-aaral. May kabuoang pitumpung (70) kalahok mula sa iba't ibang medyor na nahahati sa dalawang kasarian na babae at lalaki na may parehong bilang na tatlum pu't lima (35). Sa madaling salita, ang bawat kasarian ay may limampung (50) bahagdan.

**Talahanayan 1.2: Asignaturang Medyor ng mga Kalahok**

Asignaturang Medyor	Frequency	Percentage
English	10	14.28
Filipino	10	14.28
Science	10	14.28
Mathematics	10	14.28

Social Studies	10	14.28
Values Education	10	14.28
Bachelor of Culture and Arts Education	10	14.28

Ang talahanayan 1.2 ay nagpapakita ng asignaturang medyor ng mga kalahok. Ang bawat medyor ay nilahukan ng sampung (10) mag-aaral na binubuo ng limang (5) babae at limang (5) lalaki na kalahok. Ang *major* na English, Filipino, Science, Mathematics, Social Studies, Values Education, at Bachelor of Culture and Arts Education ay may magkakaparehong bahagdan na 14.28. Ang mga kalahok mula sa iba't ibang asignaturang medyor ay ganap na lumahok nang boluntaryo.

2. Ano-ano ang mga salik na nakaaapekto sa pagpili ng asignaturang medyor sa sumusunod na komponents:

#### Talahanayan 2.1: Sariling Kagustuhan

Katanungan	Mean Responses	Descriptor
1. Napagdesisyunan ko ang aking kurso noong ako ay nasa elementarya pa lamang.	2.51	Hindi Sumasang-ayon
2. Maalam ako sa asignaturang ito, kung kaya ito ay aking pinili.	3.51	Sumasang-ayon
3. Mataas ang aking marka noong sekundarya sa asignaturang aking napili.	4.16	Sumasang-ayon
4. Sa aking palagay, ang larangang ito ay makapaghuhubog sa aking pagkilos at pag-uugali dahil sa interes sa asignaturang napili.	4.04	Sumasang-ayon
5. Gusto ko talagang maging guro ng asignaturang napili.	3.59	Sumasang-ayon
6. Nais kong mapalawak ang aking kaalaman sa asignaturang aking napili.	4.59	Lubos na Sumasang-ayon
7. Isinaalang-alang ko ang aking kakayahan sa pagpili ng asignatura.	4.17	Sumasang-ayon
8. Paborito ko ang asignaturang napili.	3.70	Sumasang-ayon
9. Nais ko lamang subukan.	2.76	Neutral
10. Ang personal na kagustuhan at karanasan ang nagsilbing batayan sa pagpili ng asignaturang medyor.	3.90	Sumasang-ayon
<b>AVERAGE MEAN</b>	<b>3.69</b>	<b>Sumasang-ayon</b>

Legend: 1.0-1.8 – Lubos na Sumasang-ayon  
1.81-2.6- Hindi Sumasang-ayon  
2.61-3.4- Neutral

3.41-4.20- Sumasang-ayon  
4.21-5.0- Lubos na Sumasang-ayon

Matutunghayan sa talahanayan 2.1 ang unang komponent na sariling nagustuhan na salik na nakaaapekto sa pagpili ng asignaturang medyor. Batay sa pinakamataas na *mean responses* na 4.59, lubos na sumasang-ayon ang mga kalahok na batay sa kanilang kagustuhang mapalawak ang kaalaman ang asignaturang napili. Sumunod naman ang salik na pagsasaalang-alang sa kanilang kakayahan sa pagpili ng medyor na may 4.17 na *mean responses* na sinang-ayunan ng mga kalahok. Neutral naman ang mga kalahok sa salik na ang piniling asignaturang medyor ay ‘subok’ lamang, pinapatunayan ito ng *mean responses* na 2.76. At ang pinakamaliit na *mean responses* ay ang salik na “Napagdesisyunan ko ang aking kurso noong ako ay nasa elementarya pa lamang” na may 2.51 na nangangahulugang hindi sumasang-ayon ang mga kalahok na ang pagpili ng kanilang kurso ay mula pa noong sila ay nasa elementarya.

Sa kabuoan, pinapatunayan lamang nito na ang mga kalahok ay **isinaalang-alang ang kanilang pansariling kagustuhan sa pagpili ng medyor** na may kabuuang *average mean* na 3.69 na nangangahulugang sumasang-ayon ang mga kalahok. Ang natuklasang ito ay pinagtibay ng maraming mga pag-aaral sa pagpili ng asignatura bilang espesyalisasyon.

Ang natuklasan sa pananaliksik na ito ay sumasang-ayon sa mga pag-aaral nina Tsikati (2018), Duque (2017), Lorenzo (2012), at Sarwar at Masood (2015) na lumabas sa kanilang pag-aaral na sa pagpili ng kurso sa kolehiyo ay mayroong pangunahing pagsasaalang-alang. Ang interes at kagustuhan ng mag-aaral ang pinakabatayan sa pagsasaalang-alang sa pagpili ng kurso sa kolehiyo, dahil kaakibat nito ang pagkakaroon ng motibasyon sa pag-aaral. Sa madaling salita, ang mga mag-aaral ay bumubuo ng desisyon batay sa kanilang personal na paniniwala at kagustuhan.

#### Talahanayan 2.2: Kagustuhan ng Magulang

Katanungan	Mean Responses	Descriptor
1. Ang aking kurso ay kaugnay sa desisyon ng aking magulang.	2.80	Neutral
2. Ang aking kurso ay batay sa pinansyal na kakayahan ng	3.41	Sumasang-ayon

aking mga magulang.		
3. Ang aking kurso ay base sa sinabi ng aking magulang na nababagay sa akin.	2.63	Neutral
4. Ang asignaturang pinili ay may pakinabang para sa aking mga magulang.	3.49	Sumasang-ayon
5. Ang isa o pareho ng aking mga magulang ay nasa larangang ito.	2.23	Hindi Sumasang-ayon
6. Naging daan ang desisyon ng magulang sa pagbuo ng desisyon hinggil sa pagpili ng asignaturang medyor.	2.93	Neutral
<b>AVERAGE MEAN</b>	<b>2.91</b>	<b>Neutral</b>
<i>Legend: 1.0-1.8 – Lubos na Sumasang-ayon</i>	<i>3.41-4.20- Sumasang-ayon</i>	
<i>1.81-2.6- Hindi Sumasang-ayon</i>	<i>4.21-5.0- Lubos na Sumasang-ayon</i>	
<i>2.61-3.4- Neutral</i>		

Makikita sa talahanayan 2.2 ang mga salik na nakaaapekto sa pagpili ng asignatura bilang medyor sa ikalawang komponent na kagustuhan ng mga magulang. Ang salik na pagkakaroon ng pakinabang sa magulang na napiling medyor ang may pinakamataas na *mean score* na 3.49 kaya masasabing sinang-ayunan ito ng mga kalahok. Neutral naman ang tugon ng mga kalahok sa salik na ang desisyon ng magulang ang naging daan sa pagpili ng medyor dahil ito ay may *mean responses* na 2.93. Sa kabilang banda, mababa ang *mean responses* ng mga kalahok na ang isa o pareho ng kanilang magulang ay nasa larangan ng pagtuturo dahil mayroon lamang itong 2.23 at nangangahulugang hindi sila sumasang-ayon dito.

Sa kabuoan, pinapatunayan ng resultang ito na ang kagustuhan ng magulang ay **maaaring may impluwensyang naidulot sa mga kalahok hinggil sa pagpili ng asignatura bilang medyor** na may *average mean* na 2.91 na nangangahulugang neutral.

Ilang mga pag-aaral ang maaaring magpatunay sa natuklasan ng pag-aaral na ito. Sa pag-aaral nina Rayfield et al. (2013), Eremie at Chiamaka (2019), at Sear at Gordon (2002), isiniwalat na ang mga magulang ay may malaking impluwensya kapag ang isang anak o mag-aaral ay pipili ng *course major*. Sa ilang mga nagdaan na pag-aaral, nalaman ng mga mananaliksik na ang mga magulang ang pinakamaimpluwensyang huwaran sa karera ng mga mag-aaral. Sa katunayan, ang mga ina ay tila may mas malaking impluwensya sa pag-aaral ng kanilang mga anak sa sekundarya at ang mga ama ay tila maimpluwensya sa paggawa ng desisyon ng kanilang mga anak sa kolehiyo.

### Talahanayan 2.3: Impluwensya ng Kaibigan at Dating Guro

Katanungan	Mean Responses	Descriptor
1. Ang asignaturang napili ay ayon sa kagustuhan ng aking mga kaibigan.	1.76	Lubos na Hindi Sumasang-ayon
2. Ako ay naimpluwensyahan lamang ng aking kaibigan.	1.63	Lubos na Hindi Sumasang-ayon
3. Ayaw kong humiwalay sa aking mga kaibigan.	1.81	Hindi Sumasang-ayon
4. Ang napiling asignatura ay batay sa sinabi ng aking dating guro na nababagay sa akin.	2.26	Hindi Sumasang-ayon
5. Pinayuhan ako ng aking mga kaibigan na piliin ang kung ano ang nais ko.	2.87	Neutral
6. Nakahugot ako ng inspirasyon mula sa mga dating guro.	3.73	Sumasang-ayon
7. Isa sa aking kapatid/kaibigan/kamag-anak ay nagtatrabaho sa larangang ito.	2.86	Neutral
8. Ang impluwensya ng mga kaibigan at ng dating guro ang nag-udyok sa akin na piliin ang asignatura bilang medyor.	2.90	Neutral
<b>AVERAGE MEAN</b>	<b>2.47</b>	<b>Hindi Sumasang-ayon</b>
<i>Legend: 1.0-1.8 – Lubos na Sumasang-ayon</i>	<i>3.41-4.20- Sumasang-ayon</i>	
<i>1.81-2.6- Hindi Sumasang-ayon</i>	<i>4.21-5.0- Lubos na Sumasang-ayon</i>	
<i>2.61-3.4- Neutral</i>		

Matutunghayan sa talahanayan 2.3 ang ikatlong komponent na impluwensya ng mga kaibigan at dating guro na isa sa mga salik na nakaaapekto sa pagpili ng asignatura bilang medyor. Ayon sa *mean responses* na 3.37, sumasang-ayon ang mga kalahok na sila ay nakahugot ng inspirasyon mula sa dating mga guro at ito ang may pinakamataas na *mean*. Neutral naman ang mga kalahok na ang impluwensya ng mga kaibigan at ng dating mga guro ang nag-udyok na piliin ang asignatura bilang medyor na may 2.90 na *mean score*. Sa kabilang banda, hindi sinang-ayunan ng mga kalahok na ang asignaturang napili ay batay sa sinabi ng dating guro na nababagay



sa kanila, ito ay pinapatunayan ng *mean responses* na 2.26. At ang pinakamababang *mean responses* ay 1.63 sa salik na hindi naimpluwensyahan ang mga kalahok ng kanilang kaibigan sa pagpili ng asignaturang medyor na lubos na hindi sinang-ayunan ng mga kalahok.

Sa kabuoan, ang *average mean* na 2.47 na nangangahulugang hindi sumasang-ayon ay nagpapatunay na ang salik na impluwensya ng mga kaibigan at dating guro ay **hindi nakaaapekto sa pagbuo ng desisyon ng mga kalahok hinggil sa pagpili ng asignaturang medyor.**

Ang natuklasan sa pananaliksik na ito ay sumasang-ayon sa mga pag-aaral nina Dublin (2020), Perez (2018), at Duque (2017) na napag-alaman sa mga pag-aaral na nabanggit na ang salik lamang na impluwensya ng mga kaibigan ang hindi lubos na nakaaapekto sa mga mag-aaral sa pagbuo ng desisyon hinggil sa pagpili ng kurso. Sa mga pag-aaral na ito, kakaunti lamang sa mga kalahok ang sumang-ayon na sila ay nagpakaapekto sa kagustuhan ng kanilang kaibigan, at karamihan sa mga kalahok ang hindi sumasang-ayon na nakaaapekto ang mga kaibigan sa pagpili nila ng kurso.

Sumasalungat naman ang pag-aaral nina Ouano et al. (2019) na kanyang natuklasan, sumasang-ayon ang mga kalahok na sila ay naimpluwensyahan ng kanilang mga kaibigan sa paggawa ng desisyon sa pagpili ng kurso dahil tumutulong, nagbibigay ng payo, at humihikayat sa kanila ang mga kaibigan na makamit ang kurso. At gayundin sa mga mananaliksik na sina Matolo et al. (2022), ang impluwensya ng mga kaibigan at guro ay kabilang din sa karaniwang mga kadahilanan para sa mga mag-aaral na pumili ng kanilang espesyalisasyon. Lalo na para sa yaong wala pang maayos na desisyon sa pagpili ng kanilang mga kurso, sila ay naiimpluwensyahan ng kanilang mga kaibigan at iba pang mga tao. Sinusuportahan nito ang pag-aaral nina Saavedra et al. (2022) na ang motibasyon ng mga mag-aaral na matuto ng mga konsepto at aralin ay natutukoy kung paano binibigyang inspirasyon ng mga guro ang kanilang mga mag-aaral.

**Talahanayan 2.4: Posibleng Trabaho sa Hinaharap**

Katanungan	Mean Responses	Descriptor
1. Pinili ko ang asignatura dahil madali lang makahanap ng trabaho sa hinaharap.	3.60	Sumasang-ayon
2. Makaasa ng magandang sahod.	3.11	Neutral
3. Kasiguraduhan na may trabaho agad kapag natapos.	3.43	Sumasang-ayon
4. May magandang kalabasan o perormans.	3.73	Sumasang-ayon
5. Ang asignaturang napili ay batay sa mataas na demand sa lipunan.	3.83	Sumasang-ayon
6. Ang kaalaman sa asignaturang napili ay aking magagamit sa hinaharap.	4.33	Lubos na Sumasang-ayon
7. Sa napili kong asignaturang medyor, maraming oportunidad na trabaho ang aking mapapasukan.	4.01	Sumasang-ayon
8. Ang aking hinaharap na kapakanan ang una kong isinaalang-alang sa pagdesisyon kung anong asignatura aking pipiliin.	4.04	Sumasang-ayon
<b>AVERAGE MEAN</b>	<b>3.76</b>	<b>Sumasang-ayon</b>

Legend: 1.0-1.8 – Lubos na Sumasang-ayon  
1.81-2.6- Hindi Sumasang-ayon  
2.61-3.4- Neutral

3.41-4.20- Sumasang-ayon  
4.21-5.0- Lubos na Sumasang-ayon

Ipinapakita ng talahanayan 2.4 ang ikaapat na komponent na posibleng trabaho sa hinaharap na mga salik na nakaaapekto sa pagpili ng asignaturang medyor. Batay sa pinakamataas na *mean responses* na 4.33, lubos na sumasang-ayon ang mga kalahok na ang kaalaman sa asignaturang napiling maging medyor ay magagamit sa hinaharap. Ang salik na hinaharap na kapakanan ang unang isinaalang-alang sa pagdesisyon kung anong asignatura ang pipiliin bilang medyor ay sinang-ayunan ng mga kalahok na may 4.04 na *mean responses*. Sumasang-ayon din ang mga kalahok na may 4.01 na *mean responses* na maraming oportunidad na trabaho anag kanilang mapapasukan sa napiling asignatura bilang medyor. Gayundin na sumasang-ayon ang mga kalahok na ang napiling asignatura ay batay sa mataas na demand sa lipunan na may *mean responses* na 3.83. At ang pinakamababang *mean responses* na 3.11 ay lumabas na neutral ang mga kalahok sa salik na sila ay makaasa ng magandang sahod sa napiling medyor.

Ang kabuoang salik ng posibleng trabaho sa hinaharap ay may kabuoang 3.76 na *average mean* na pinapatunayan nito **na isinaalang-alang ng mga kalahok ang salik na posibleng trabaho sa hinaharap** sa pagbuo ng desisyon hinggil sa pagpili ng asignatura bilang medyor.

Ang natuklasan sa pananaliksik na ito ay may kaugnayan sa naging resulta ng pag-aaral nina Ouano et al. (2019) at Kusumuwati (2013), napag-alaman sa mga pag-aaral na ito na sumasang-ayon ang mga naging kalahok na ayon sa *future job opportunities* ang piniling kurso. Ayon kay Kusumuwati (2013), ang ilang mga mag-aaral ay isinaalang-alang ang kadahilanan tulad ng pag-asa sa trabaho. Pinapahiwatig nito na ang desisyon

ng mga mag-aaral sa pagpili ng kurso ay talagang isinaalang-alang ang katayuan ng trabaho at inaasahan nila ang isang magandang suweldo.

3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang mga salik na nakaaapekto sa pagpili ng asignaturang medyor kung ang mga baryabol ay papangkatin ayon sa:

**Talahanayan 3.1: Kasarian ng mga Kalahok**

Kasarian	Mean Rank	Significant Value	Interpretation
Lalaki	36.19	0.777	Not Significant
Babae	34.81		

Ipinapakita ng talahanayan 3.1 ang makabuluhang pagkakaiba ng mga salik na nakaaapekto sa pagpili ng asignaturang medyor kapag pinagsama-sama ayon sa kasarian. Napag-alaman na ang halaga ng 0.777 ay mas malaki kaysa sa antas ng alpha na 0.05, na nagpapahiwatig na walang makabuluhang pagkakaiba ang mga salik na nakaaapekto sa pagpili ng medyor kapag ang kasarian ay pinagsama-sama. Ibig sabihin, hindi sinasang-ayon ng pananaliksik na ito na ang kasarian ay nakaaapekto sa pagpili ng asignaturang medyor.

Sinasalungat ng pananaliksik na ito ang nakalimbag sa Philippine Commission on Women na '2022 Fact Sheet on Women and Men in the Philippines' mula sa Philippine Statistics Authority, lumalabas na ang mga lalaki ay mas pinipili ang mga kursong may kaugnayan sa *mathematics* at *science* tulad ng *engineering* at *information technology* o IT, at ang mga babae ay pinipili ang mga kursong may kaugnayan sa *art, language* o pagtuturo, at kursong kay kaugnayan sa *history*. Gayundin ang lumabas sa assessment mula sa Cambridge Assessment Network and Research 'Fact Sheet 2 AS and A Level Choice: Gender makes a Difference' na mayroong kapansin-pansing pagkakaiba sa bahagdan ng mga babae at lalaki na kumukuha ng asignatura bilang medyor. Mas karamihan ng mga lalaki ang kumuha ng mga asignatura gaya ng *mathematics, physics, ICT*, o 'di kaya ay *business studies* na lahat ay may kaugnayan sa *science* at *mathematics*. Ang mga asignaturang may kinalaman sa wika tulad ng asignaturang English, humanidades, *sociology*, at sining ay mas pinipili naman ng mga babae.

Sinusuportahan nito ang pag-aaral nina Jaspers et al. (2015), na kung saan ang kasarian ay maaaring makaapekto sa pagpili ng asignaturang medyor. Ang mga asignaturang may kaugnayan sa *science, mathematics, at information technology* o IT ay itinuturing mga asignaturang panlalaki, samantalang ang sining, wika, at humanidades ay karaniwang mga asignaturang pambabae. Sa kanilang pag-aaral, nagpapakita na ang mga lalaki ay mas gusto o pinipili ang asignaturang matematika gayundin ang *physical education* at ICT habang ang mga babae ay mas pinipili ang drama, wika, heograpiya, at sining. Ngunit sa pag-aaral nina Saavedra et al. (2022), lumabas sa resulta na ang kasarian ay hindi salik na maaaring makaapekto sa motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika. Sapagkat makikita sa pag-aaral nina Saavedra et al. (2020) na ang kasarian ay may kinalaman sa pagiging bihasa sa larangan ng teknolohiya. Lumabas na ang kababaihan ay nalampasan ang kakayahan ng kalalakihan sa mga tuntunin ng teknolohiya. Higit pa rito, ipinapalagay din ng mga mananaliksik na ang pagkamalikhain at pasensya ng mga babae sa paghahatid ng mga konsepto sa tulong ng teknolohiya ay marahil isang kasanayan ng mga babaeng guro. Samakatuwid, inaasahan na ang mga babae ay magiging mas mahusay sa mga tuntunin ng mga kasanayang teknolohikal.

**Talahanayan 3.2: Asignaturang Medyor**

Asignaturang Medyor	Mean Rank	Significant Value	Interpretation
English	34.83	0.029	Significant
Filipino	25.09		
Science	24.40		
Mathematics	34.30		
Social Studies	51.55		
Values Education	35.35		
BCAED	43.95		

\*Significant @  $\alpha = 0.05$ .

Ang talahanayan 3.2 ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba ng mga salik na nakaaapekto sa pagpili ng medyor kapag pinagsama ayon sa asignaturang medyor ng mga kalahok. Natuklasan na ang halagang 0.029 ay mas mababa sa antas ng alpha na 0.05, kung gayon, ito ay nagpapahiwatig na mayroong makabuluhang pagkakaiba ng mga salik kapag pinagsama ayon sa asignaturang medyor. Ang may pinakamataas na mean rank

ay ang asignaturang Social Studies, ibig sabihin ay malaki ang epekto sa kanila ng apat na magkakaibang salik, sinusundan naman ng BCAED at Values Education na asignaturang medyor. At ang may pinakamababang *mean rank* ay ang asignaturang Science.

Batay sa *enrolment data* ng Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro ng taong panunuruan 2022-2023, mayroong kabuoang populasyon na tatlong daan pitompu't walo (378) na mga mag-aaral mula una, ikalawa, at ikatlong antas na kumuha ng kursong Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon. Iba-iba ang bilang o bahagdan ng mga mag-aaral sa bawat asignaturang medyor. Na kung saan 20% ng populasyon ay English *majors*, 13% naman ay Filipino *majors*, ang Science *majors* naman ay binubuo ng 15%, 16% Mathematics *majors*, binubuo naman ng 14% ang Social Studies *majors*, 10% naman para sa Values Education *majors*, at ang 12% ng populasyon ay binubuo ng BCAED *majors*. Lumalabas na ayon sa kanilang *enrolment data*, maaaring naging salik din ang *slot* na inaalok ng kolehiyo partikular na ng departamento ng BSED sa pagpili ng asignaturang medyor ng mga mag-aaral. Ang departamento ng BSED ay mayroong lamang tiyak na bilang ng *slot* para sa bawat medyor na inilalaan para sa mga mag-aaral na nais kumuha ng kursong ito. May tinatayang tatlung (30) *slots* lamang ang inilalaan para sa bawat medyor na talagang maaaring maging salik na makaapekto sa pagpili ng medyor.

Masasabi na ang mga mag-aaral ay maaaring pipili na lamang ng ibang asignaturang medyor kung ang kanilang pinakagustong medyor ay puno na o wala nang *slot*. Maraming mga kwalipikadong mag-aaral ang hindi nakapapasok sa *major* na nais nila dahil inuunang pinipili ang mga may mas matataas na marka sa CET o *College Entrance Test* at isa na nga ring salik ang pagpuno ng *slot* na iniaalok ng kurso.

4. Sa pangkalahatan, alin sa mga salik ang naging pinakabatayan ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa pagpili ng asignatura bilang medyor?

#### Talahanayan 4.0: Pangkalahatang mga Salik sa Pagpili ng Asignaturang Medyor

Pangkalahatang Salik	Mean	Adjectival Interpretation
Sariling Kagustuhan	3.69	Sumasang-ayon
Kagustuhan ng Magulang	2.91	Neutral
Impluwensya ng Kaibigan at Dating Guro	2.47	Hindi Sumasang-ayon
Posibleng Trabaho sa Hinaharap	3.76	Sumasang-ayon

Sa talahanayan 4.0 ipinapakita rito ang mga pangkalahatang salik na maaaring makaimpluwensya sa mga mag-aaral hinggil sa pagpili ng asignaturang medyor. Ang salik na posibleng trabaho sa hinaharap ang nakakuha ng pinakamataas na *mean score* na 3.76 na nangangahulugang ang pagsasaalang-alang ng magiging trabaho sa hinaharap ay ang unang pinag-iisipan ng mga kalahok. Sunod naman ay ang salik na sariling kagustuhan na may *computed mean* na 3.69, ibig lamang nitong sabihin na ang pansariling interes at kagustuhan ay isinaalang-alang din ng mga kalahok sa pagbuo ng desisyon sa pagpili ng asignaturang medyor. Ang *mean score* na 2.91 ay natamo ng salik na kagustuhan ng magulang, na kung saan ito ay nangangahulugang neutral na ang mga kalahok ay maaaring naimpluwensyahan din ng pasya ng kanilang magulang. At ang salik na impluwensya ng kaibigan at dating guro ang may pinakamaliit na *mean score* na 2.47 na nagpapahiwatig na hindi sumasang-ayon ang kalahok na sila ay naimpluwensyahan ng desisyon ng kanilang mga kaibigan at dating guro sa pagpili ng asignaturang medyor.

Natuklasan sa pag-aaral na ang salik na pagsasaalang-alang sa posibleng trabaho sa hinaharap ang naging pinakabatayan ng mga mag-aaral sa pagpili ng asignatura bilang medyor. Gayundin ang lumabas sa pag-aaral ni Al-Rfou (2013), na ang pinakamahalagang salik sa lahat ng mga konsiderasyon ay ang mga oportunidad sa trabaho, at potensyal na kita ng trabaho. Napag-alaman din sa pag-aaral ni Calma (2020), na may pamagat na "*The Factors that Influencing Students' Decision in Choosing the BSA Program*" na ang mga salik na may kaugnayan sa trabaho ay may pinakataas na impluwensya at motibasyon sa pagpili ng kurso bilang *career path* ng mga mag-aaral.

## VII. KONKLUSYON

Batay sa mga datos na nakalap at matapos dumaan sa SPSS, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon; sa apat na mga komponent ng mga salik na maaaring makaapekto sa pagpili ng asignaturang medyor, ang mga komponent na posibleng trabaho sa hinaharap, sariling kagustuhan, at kagustuhan ng magulang lamang ang lumabas na may malaking impluwensya na naging batayan ng mga mag-aaral ng

Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa pagsasaalang-alang kung anong asignatura ang kanilang pipiliin bilang medyor. Habang ang salik na impluwensya ng mga kaibigan at dating guro ay natuklasan na hindi ito nakaaapekto sa mga mag-aaral sa pagbuo ng desisyon hinggil sa pagpili ng medyor. Natuklasan din sa pag-aaral na walang makabuluhang pagkakaiba ang mga salik na nakaaapekto sa pagpili ng asignaturang medyor kapag papangkatin ang baryabol na kasarian asignaturang medyor ay papangkatin. Sa kabilang banda, mayroon namang makabuluhang pagkakaiba kapag ang mga baryabol ay pinagsama ayon sa asignaturang medyor na kung saan lumalabas sa pag-aaral na maaaring naging salik din ang *slot* na iniaalok ng departamento ng BSED sa bawat asignaturang medyor sa pagbuo ng desisyon hinggil sa pagpili ng medyor ng mga mag-aaral ng kursong ito.

Dagdag pa, dahil lumabas sa pag-aaral na ang pagsasaalang-alang ng posibleng trabaho sa hinaharap ang pinakamaimpluwensyang salik, ibig sabihin ito ay hindi sumusuporta sa teoryang Social Cognitive Career Theory. Ang pag-aaral ay hindi sumasang-ayon sa teorya na ang mga mag-aaral ay pumili ng karera batay sa personal na kagustuhan at ayon sa anong kaya nilang gawin dahil mas isinaalang-alang nila ang posibleng maging trabaho sa hinaharap at ang potensyal na kita ng trabaho.

### VIII. REKOMENDASYON

Ayon sa naging resulta at konklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ng mga mananaliksik ang mga sumusunod: (a) Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay maaaring magsilbing gabay sa mga mag-aaral, partikular na sa mga mag-aaral na nagpaplanong magkuha ng kursong Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa kung anong mga salik ang kailangan nilang isaalang-alang sa kanilang pagbuo ng desisyong hinggil sa kung anong asignaturang medyor ang kanilang pipiliin. (b) Ito ay magbibigay kamalayan sa mga magulang ng mga mag-aaral sa kung paano nila gagabayan ang kanilang mga anak sa pagpili ng asignatura bilang medyor. (c) Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay makatutulong sa mga administrador ng paaralan sa pagpapatibay ng career orientation ng mga programa sa paaralan partikular upang higit pang gabayan ang mga mag-aaral sa pagplano ng kanilang kukuhanang espesyalisasyon dahil kaakibat nito ang magiging karera nila sa hinaharap.

Iminumungkahi rin ng mga mananaliksik ang sumusunod para sa hinaharap na pananaliksik; (a) Pagpapalawak ng laki ng sakop ng *sample* o kalahok na mga mag-aaral ng kursong Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon. (b) Pagsasaalang din ng iba pang mga salik na maaaring makaiimpluwensya sa pagpili ng mga mag-aaral ng asignatura bilang medyor na hindi isinaalang-alang sa pag-aaral tulad ng kasarian, akademikong mga salik gaya ng *slot* na iniaalok ng kurso, ang *College Entrance Test score* at iba pang mga demograpiko at pangkapaligirang salik.

### SANGGUNIAN

- [1] D. Ramoso, J. Calzado, R. Escribe, Q. Sebucao, & G. Guimera, Pagpili ng Kursong Kukunin sa Kolehiyo ng mga Mag-aaral sa RTU Laboratory High School: Isang Pag-aaral, *Scribd*, 2015, <https://pdfcoffee.com/thesis-sa-filipino-pdf-free.html>
- [2] J. Nazaro, J. Mojica, J. Ramirez, J. Marasigan, & J. Soriano, Salik na Nakaaapekto sa Pagpili ng Kursong Pang-kolehiyo ng mga Mag-aaral sa Ika-labindalawang Baitang ng Mataas na Paaralan ng Aurora Nasyunal-Malvar Ekstension, *Studocu*, 2020. <https://www.studocu.com/ph/document/university-of-manila/organic-chem/jenet-pananaliksik-ara-b-reyes/36259494>
- [3] CHED Memorandum Order (CMO) No. 75, Series of 2017. Revised Policies, Standards and Guidelines for Bachelor of Secondary Education, *Scientific Research Publishing*. <https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=3234911>
- [4] J. Begs, J. Bentham, S. Tyler, Distinguishing the Factors Influencing College Students' Choice of Major, *College Student Journal*, 42(2), 2008, 381.
- [5] R. Climaco, A. Difuntorum, E. Hernandez, J. Villalalvo, G. Gialogo, R. Gamayo, C. Aguilar, & K. Sarmiento, Mga Saloobin at Impluwensya sa Pagpili ng Kursong Edukasyon sa mga Mag-aaral ng Unang Taon sa University of Perpetual Help System-Laguna, *Scribd*, 2011. <https://www.scribd.com/doc/58794710/Mga-Saloobin-at-Impluwensya-Sa-Pagpili-Ng-Kursong-Edukasyon-Sa-Mga-Mag-Aaral-Ng-Unang-Taon-Sa-University-of-Perpetual-Help-System-Laguna>
- [6] L. Almencion, S. Fugoso, R. Lamban, D. Martinez, A. Panes, C. Tohoy, & C. Zacarias, Mga Salik sa Pagpili ng Kursong Bachelor of Secondary Education ng mga Estudyanteng nasa Unang Taon ng Kolehiyo ng Trece Marites City College sa Taong 2019-2020, *Scribd*, 2020. <https://www.scribd.com/document/446021023/THESIS>
- [7] S. Ocier, Pagdedesisyon, *Wordpress*, <https://socier12.wordpress.com/2010/09/30/pagdedesisyon/>

- [8] C. Alberts, N. Mbalo, C. Ackermann, Adolescents' Perceptions of the Relevance of Domains of Identity Formation: A South African Cross-Cultural Study, *Journal of Youth and Adolescence*, 32(3), 2003, 169-184. <https://doi.org/10.1023/A:1022591302909>
- [9] Z. Baculando, I. Casiano, M. Durante, G. Gemao, M. Generoso, J. Sandoval, & M. Tberio, Mga Salik na Nakakaapekto sa Pagpili ng Kurso sa Kolehiyo ng mga Mag-aaral sa Ika-12 Baitang ng AMA Computer Learning Center-Antipolo City, *Scribd*, 2020. <https://www.scribd.com/presentation/473928710/oo>
- [10] J. Pineda, Blog: Bakit Eduk ang Pinili Ko, *Wordpress*, 2016. <https://ust1e1.wordpress.com/2016/02/28/bakit-eduk-and-pinili-ko/>
- [11] A. Saavedra, & C. Barredo, Factors that Contribute to the Poor Writing Skills in Filipino and English of the Elementary Pupils, *International Journal of Innovation, Creativity and Change*, 14(5), 2020, 1090-1106. [https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract\\_id=3697915](https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=3697915)
- [12] P. Perez, College Choice Process of Latino Undocumented Students: Implications for Recruitment and Retention, *Journal of College Admission*, 2010. <https://www.semanticscholar.org/paper/College-Choice-Process-of-Latino-Undocumented-for-P%C3%A9rez/02a4958ca86f231ea89794b55a6754917da82b29>
- [13] R. Lent, W. Brown, & G. Hackett, Toward a Unifying Social Cognitive Theory of Career and Academic Interest, Choice, and Performance, *Journal of Vocational Behavior*, 45(1), 1994, 79-122. <https://doi.org/10.1006/jvbe.1994.1027>
- [14] A. Bandura, & National Inst of Mental Health, *Social Foundations of Thought and Action: A Social Cognitive Theory* (Prentice-Hall, Inc. 1986).
- [15] L. Thomas, Cluster Sampling | A Simple Step-by-Step Guide with Examples, *Scribbr*, 2023. <https://www.scribbr.com/methodology/cluster-sampling/>
- [16] C. Alcantara, Z. Fernando, R. De Ocampo, G. Garillo, L. Iglesias, T. Lanto, C. Villarta, G. Fumera, & J. Serafica, Factors Affecting The College Course Preference of the Fourth Year Students of Roosevelt College San Mateo for The School Year 2014-2015, *Scribd*, 2015. <https://www.scribd.com/doc/310245863/Factors-Affecting-the-College-Course-Preference>
- [17] A. Tsikati, Factors Influencing the Choice of Subject Specialisation by Students at Teacher Training Institutions in Eswatini, *Asian Journal of University Education*, 2019. <https://eric.ed.gov/?id=EJ1222627>
- [18] S. Duque, C. Mendez, L. Pederio, J. Pomansin, & J. Reyes, Mga Salik na Nakakaapekto sa Pagpili ng Kursong ABM ng mga mag-aaral sa Unibersidad ng Our Lady of Fatima, *Academia*, 2017. [https://www.academia.edu/34673648/MGA\\_SALIK\\_NA\\_NAKAAPEKTO\\_SA\\_PAGPILI\\_NG\\_KURSONG\\_ABM\\_NG\\_MGA\\_MAG\\_AARAL\\_SA\\_UNIBERSIDAD\\_NG\\_OUR\\_LADY\\_OF\\_FATIMA](https://www.academia.edu/34673648/MGA_SALIK_NA_NAKAAPEKTO_SA_PAGPILI_NG_KURSONG_ABM_NG_MGA_MAG_AARAL_SA_UNIBERSIDAD_NG_OUR_LADY_OF_FATIMA)
- [19] R. Masood, & A. Sarwar, Factors Affecting Selection of Specialization by Business Graduates, *ResearchGate*, 2015. [https://www.researchgate.net/publication/320757652\\_Factors\\_Affecting\\_Selection\\_Of\\_Specialization\\_By\\_Business\\_Graduates](https://www.researchgate.net/publication/320757652_Factors_Affecting_Selection_Of_Specialization_By_Business_Graduates)
- [20] J. Rayfield, T. Murphrey, C. Skaggs, & J. Shafer, Factors that Influence Student Decisions to Enroll in a College of Agriculture and Life Sciences, *North American Colleges and Teachers of Agriculture Journal*, 57(1), 2013, 88-83. <https://www.jstor.org/stable/nactajournal.57.1.88>
- [21] O. Chiamaka, & E. Maxwell, Factors Affecting Career Choice Among Senior Secondary School Students in Obio/Akpor Local Government Area of Rivers State (Implication to Counselling), *International Journal of Innovative Social Sciences & Humanities Research*, 2018. <https://www.semanticscholar.org/paper/Factors-Affecting-Career-Choice-Among-Senior-School-Eremie-Okwulehie/d2f15922873f655716665da6ac4017ed26898c19>
- [22] B. Dublin, A. Logrosa, M. Sosong, & E. Cornillez Jr., Factors Affecting Career Preference of Junior High School Students for Senior High School Study, *TARAN-AWAN Journal of Educational Research and Technology Management*, 1(1), 2020, 29-38.
- [23] J. Ouano, J. Dela Torre, W. Japitan, & J. Moneva, Factors Influencing on Grade 12 Students' Chosen Courses in Jagobiao National High School – Senior High School Department, *International Journal of Scientific and Research Publications*, 9(1), 2019, 421-431. <https://www.ijsrp.org/research-paper-0119.php?rp=P858154>
- [24] M. Matolo, S. Sadjail, & D. Sansawi, Factors Influencing Students in Choosing their College Course, *Academia*, 2022. [www.academia.edu. https://www.academia.edu/84837761/Factors\\_Influencing\\_Students\\_in\\_Choosing\\_their\\_College\\_Course](https://www.academia.edu/84837761/Factors_Influencing_Students_in_Choosing_their_College_Course)

- [25] E. Jaspers, I. Maas, T. der Lippe, & Boys' and Girls' Educational Choices in Secondary Education. The Role of Gender Ideology, Educational Studies, *Taylor & Francis Online*, 42(2), 2016, 181-200. <https://doi.org/10.1080/03055698.2016.1160821>
- [26] M. Borchert, Career Choice Factors of High School Students, *ResearchGate*, 2001. [https://www.researchgate.net/publication/43402228\\_Career\\_choice\\_factors\\_of\\_high\\_school\\_students/citations](https://www.researchgate.net/publication/43402228_Career_choice_factors_of_high_school_students/citations)
- [27] A. Saavedra, O. Sandal, C. Madrazo, & M. Ramos, Gender and Socio-economic Status: Revisiting its role on the English language Learning Motivation among Secondary Language-Specialized Students, *Journal of Positive Psychology and Wellbeing*, 6(4), 2022, 2689-2704. <https://www.journalppw.com/index.php/jpsp/article/view/3734>
- [28] A. Saavedra, A. Antonio, R. Probitchado, C. Ricohermoso, & J. De La Rama, Gender Differences in Technological Competence among Science Teachers: Implications, *International Journal of Advanced Science and Technology*, 29(7), 2020, 13257-13268. <https://doi.org/10.13140/RG.2.2.31976.29441>
- [29] A. Al-Rfou, Factors that Influence the Choice of Business Major Evidence from Jordan", *IOSR Journal of Business and Management*, 8(2), 2013, 104-108.
- [30] R. Calma, & L. Abiog, The Factors that Influence Students' Decision in Choosing the BSA Program, *ResearchGate*, 2020. [https://www.researchgate.net/publication/341275964\\_The\\_Factors\\_that\\_Influence\\_Students%27\\_Decision\\_in\\_Choosing\\_the\\_BSA\\_Program](https://www.researchgate.net/publication/341275964_The_Factors_that_Influence_Students%27_Decision_in_Choosing_the_BSA_Program)
- [31] N. Pimpa, The Influence of Family, Peers, and Education Agents on Thai Students' Choices of International Education, *Semantic Scholar*, 2002. <https://www.semanticscholar.org/paper/The-Influence-of-Family-%2C-Peers-%2C-and-Education-on-Pimpa/16994f655d82c2e872a4c9397305c4520a6b7a48>
- [32] S. Suhi, F. Oyshi, A. Mamun, N. Jahan, T. Shohel, M. Rahman, N. Islam, & T. Hossain, Public vs. Private Job Dilemma: Influencing Factors in a Career Selection for University Graduates, *PLOS One*, 16(10), 2021. <https://doi.org/10.1371/journal.pone.0258331>